Responsibilidad ng Alameda County sa Kalusugan ng Komunidad (Alameda County Responsibility to Community Health, ARCH) Mga Madalas Itanong

1. **Sino ang tinutulungan ng programa?**
   Tinutulungan ng programa ang mga indibiduwal na:
   - Nasa edad na 18 taon o mas matanda
   - Residente ng Alameda County nang kahit 6 na buwan
   - Nasuring positibo para sa COVID-19 simula 8/24/2020
   - Ni-refer ng isa sa nakatalagang klinika ng Community Health o ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County
   - Nakatira sa isa sa mga lugar na mataas ang panganib na magkasakit at mga zip code:
     West Oakland: 94607
     San Antonio: 94606
     Fruitvale: 94601
     East Oakland: 94621 at 94603
     Unincorporated Ashland/Cherryland: 94578, 94541, at 94580
     South Hayward: 94544

2. **May linya ba ng telepono o website para mag-apply ng stipend (tulong na salapi)?**
   Ang pag-apply at proseso ng referral ng ARCH para sa mga nasa hustong gulang na positibo sa COVID-19 at nakakatugon sa lahat ng kinakailangan para maging kwalipikado sa programa ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng aming mga itinalagang katuwang na klinikang pangkalusugan at ang Unit para sa Pag-iimbestiga ng Kaso/Contact Tracing (Case Investigation/Contact Tracing) ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County. Walang online application o referral number para sa pangkalahatang publiko.

3. **Paano makakapag-apply ang mga tao?**
   Muli, walang "pampublikong" proseso ng pag-a-apply para sa programang ARCH. Kung bibista ang indibiduwal sa isa sa mga itinalagang klinikang pangkalusugan o ay nasuri ng Unit para sa Pag-iimbestiga ng Kaso/Contact Tracing ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko at nasuri siyang positibo para sa COVID-19, mula Agosto 24, 2020, sasailalim siya sa pag-screen para sa ARCH batay sa mga pamantayan para maging kwalipikado upang malaman kung kwalipikado siya sa programa. Kung malalamang natutugunan ng indibiduwal ang lahat ng kinakailangan para sa programa ng ARCH, kukumpletuhin ang isang application sa ngalan ng indibiduwal na iyon at ire-refer siya sa Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan (Social Services Agency) para sa pamamahagi ng stipend ng ARCH.

4. **Kailan magsisimula ang programa?**
   Nagsimulang gumawa ng mga referral ang Mga Klinikang Pangkalusugan at Unit para sa Pag-iimbestiga ng Kaso/Contact Tracing ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County sa programang ARCH noong Agosto 24, 2020.

5. **Mayroon bang mga nakatalagang Klinikang Pangkalusugan para sa pagsusuri upang makatanggap ng referral sa ARCH?**
   Ang mga residenteng madaling mahawaan ng sakit na masusuring positibo para sa COVID-19 at nakakatugon sa lahat ng kinakailangan para maging kwalipikado sa programang ARCH ay ire-refer sa programa ng Unit para sa Pag-iimbestiga ng Kaso/Contact Tracing ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County at ng mga sumusunod na kalahok na katuwang na klinikang pangkalusugan:
   - La Clinica Health Center
   - Tiburcio Vazquez Health Clinic
   - Roots Community Health Center
   - West Oakland Health Center

6. **Maaari ba akong maging kwalipikadong tumanggap ng Unemployment?**
   Hindi. Ang mga kasalukuyang tumatanggap ng Mga Benepisyo ng Insurance para sa Kawalan ng Trabaho (Unemployment Insurance Benefits, UIB) ay hindi nararapat na tumanggap ng stipend.

7. **Magiging kwalipikado ba ako kung mayroon akong may bayad na sick leave?**
   Hindi. Kung kwalipikado kayo at tumatanggap kayo ng anumang uri ng may bayad na sick leave, hindi kayo kwalipikadong sumali sa programang ARCH.

8. **Maaapektuhan ba ng katayuan sa imigrasyon ang pagiging kwalipikado sa programa?**
   Hindi. Ang pagiging kwalipikado sa programa ay hindi batay sa katayuan sa imigrasyon.

9. **Nararapat ba akong sumali sa programa kung na-lay off o naalis ako sa trabaho, pero hindi nasuring positibo para sa COVID-19?**
   Hindi. Para maging kwalipikado sa programang ARCH, kailangang nasuring positibo para sa COVID-19 bukod pa sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado na nasa itaas.

10. **Ang stipend ba ay ipapatupad sa mas naunang petsa?**
    Hindi. Hindi ipapatupad ang stipend sa naunang petsa. Ang petsa ng pagsisimula ng pagiging kwalipikado sa programa ay Agosto 24, 2020.

Alameda County Social Services Agency

Responsibilidad ng Alameda County sa Kalusugan ng Komunidad (Alameda County Responsibility to Community Health, ARCH) Mga Madalas Itanong

11. **Gaano katagal bago ko matanggap ang stipend?**
Isang beses lang matatanggap ang mga stipend ng mga kwalipikadong indibiduwal na positibo sa COVID-19 at natutugunan ang lahat ng pamantayan sa pagiging kwalipikado.

12. **Paano ko matatanggap ang stipend?**
Ibibigay ang mga stipend sa pamamagitan ng isang Visa na pre-paid card.

13. **Maaari ko bang matanggap ang stipend sa ibang paraan (tseke, wire transfer)?**
Sa ngayon, ang mga stipend ay ibibigay lamang sa pamamagitan ng isang Visa na pre-paid card.

14. **Kung may sakit pa rin ako pagkatapos ng 2 linggo, makakatanggap ba ako ng pangalawang stipend na bayad?**
Hindi. Ang programa ng stipend ay para lamang sa dalawang linggo. Hindi tatanggapin ang mga pagpapalawig.

15. **Hinihintay ko ang resulta ng aking pagsusuri. Sinabi nila sa akin na hindi ako dapat pumasok sa trabaho hangga't hindi ko natatanggap ang resulta ng aking pagsusuri. Kwalipikado ba akong tumanggap ng stipend?**
Hindi. Ang pagiging kwalipikadong tumanggap ng stipend ay magkakabisa kapag nakatanggap ng indibiduwal ang positibong resulta sa pagsusuri ng COVID-19.

16. **Maaari bang ibawas sa buwis ang stipend?**
Hindi. Ang mga stipend ay hindi maaaring ibawas sa buwis.

17. **Ibabahagi ba ang aking impormasyon sa anumang iba pang ahensiya ng pamahalaan?**
Hindi. Ang lahat ng ibibigay na impormasyon upang malaman kung kwalipikado sa programang ARCH ay kumpidensyal at hindi ibabahagi sa ngayon sa anumang entidad sa labas maliban sa tinukoy na kalahok na mga ahensiya ng County at Mga Klinikang Pangkalusugan.

18. **Kailangan bang may trabaho ako upang makatanggap ng stipend?**
Hindi. Hindi kasama sa kinakailangan para maging kwalipikado sa programa ang pagkakaroon ng trabaho; gayunpaman, ang lahat ng kwalipikadong nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan ay dapat masuring positibo sa COVID-19 at natutugunan ang lahat ng pamantayan para maging kwalipikado sa programa.

19. **Wala akong tahanan at nasuri akong positibo sa COVID-19. Paano ako makakatanggap ng stipend?**
Ang mga kwalipikadong aplikante ng ARCH na walang tahanan ay kinakailangang ibukod ang sarili (self-isolate) nang pinakamababang 10 araw, sa isang hotel ng Project Roomkey, alinman sa Comfort Inn o Quality Inn, bago sila maging kwalipikadong tumanggap ng stipend.

20. **Kung wala akong tahanan at ibubukod ang sarili sa isang hotel maliban sa Comfort Inn o Quality Inn, magiging kwalipikado ba akong tumanggap ng stipend?**
Hindi. Sa ngayon, limitado ang pagbukod ng sarili (self-isolation) sa Comfort Inn o Quality Inn.

21. **Kukumpletuhin ba ng provider sa Unit para sa Pag-iimbestiga ng Kaso/Contact Tracing (Case Investigation/Contact Tracing, CI/CT) ang mga application para sa bawat isang nasa hustong gulang sa sambahayan?**
Oo. Kukumpletuhin ng mga CRT/Resource Navigator ang isang application para sa ARCH sa bawat nasa hustong gulang na positibo sa COVID-19 (ayon sa pagkumpirma ng pagsusuri sa laboratoryo) na nakatira sa bahay upang malaman kung kwalipikado sila sa programa.

22. **Kung mahigit sa isang pamilya ang nakatira sa bahay, limitado ba sila sa isang stipend?**
Hindi. Kung maraming nasa hustong gulang na nakatira sa isang bahay ang masusuring positibo sa COVID-19, ang bawat nasa hustong gulang na positibo sa COVID-19 ay kailangang magsumite ng application para sa programang ARCH. Tinutukoy ang pagiging kwalipikado sa programang ARCH batay sa bawat kaso ng indibiduwal.

23. **Kasama ba ang pag-aasawa sa kinakailangan para maging kwalipikado?**
Hindi.

24. **Nakatira ako kasama ng iba pang nasa hustong gulang na positibo sa COVID-19. Dapat ba silang isama sa aking application para sa ARCH**
Hindi. Ito ay isang paglabag sa Health Insurance Portability and Accountability Act (batas tungkol sa pagiging kumpidensyal ng impormasyong pangkalusugan).

Alameda County
Social Services
Agency